(InSEA Manifesto in Filipino)

# Ang Manifesto ng InSEA

Ipinaniniwalaan namin na:

Lahat ng nais matuto, anuman ang edad, bansa o katayuan sa buhay, ay may karapatan at daan sa edukasyon sa sining biswal.

Ang edukasyon sa sining ay susi sa kaalaman, pagtangkilik at paglikha ng katutubong kalinangan.

Ang kultura ay batayang karapatang pantao. Sinusulong ng kultura ang katarungang panlipunan at pakikilahok sa kontemporanyong mundo. Ang isang matatag na demokrasiya ay isang lipunang ingklusibo. At ang isang lipunang ingklusibo ay isang matatag na demokrasiya.

Ang lahat ng nais matuto ay may pagkakataong magkaroon ng edukasyong pansining na nagbubuklod sa kanila sa mundo at sa kanilang kultural na kasaysayan. Lumilikha ito ng daluyan at mithiin na may mga bagong paraan ng pagtanaw, pag-isip, paggawa at pagkakilanlan sa sarili.

Ang mga programa sa edukasyon at mga modelo ng kurikulum ay kailangang magbigay sa mga mamamayan ng mga katalinuhang flexibol at pagkamalikhain sa komunikasyong verbal at nonverbal.

Ang edukasyon sa sining biswal ay pagkakataon para sa mga nais matuto na makilala ang sarili at pagkamalikhain nila, gayundin ang mga halagahin, etika, lipunan at kultura.

Ang edukasyon sa sining biswal ay naghuhubog ng pag-iintindi sa malikhaing paggawa sa pamamagitan ng pag-alam, pag-unawa at paglikha ng sining sa mga konteksto nito.

Inuudyok ng edukasyon sa sining biswal ang pag-iisip sa mga paraang kritikal at malikhain. Nilalayon nito ang pakikipagkapwa at ipinahahalagahan ang pagkakaiba-iba ng mga kultura.

Ang edukasyon sa sining biswal ay sistematiko at itinuturo nang maraming taon dahil isa itong prosesong developmental. Dapat matutunan ito sa akto ng paglikha gayundin sa ibang mga pamamaraan ng pagkatuto.

DInedebelop ng edukasyon sa sining biswal ang maraming mga litersiya at mga estetikal na pagdama, kung saan katangi-tangi ang pagtutok sa literasiyang biswal at estetikong pagtasa.

Mahalagang kasanayan sa kasalukuyang daigdig ang biswal na literasiya. Ipinamamatnubayan nito ang pagpahalaga at pag-intindi sa biswal na komunikasyon at ang kakayanang sumuri at lumikha ng mga makabuluhang imahen.

Inuudyok ng sining ang pag-usbong ng mga kakayanang transferabol na nakapagpapalalim ng pagkatuto sa ibang mga larang ng kurikulum.

Nakatutulong ang mga sining biswal sa mga paaralan upang maintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang sarili, maipanatag ang loob at pahalagahan ang sarili, at makapag-aambag nang husto sa kanilang kapakanan at kaginhawahan.

Translation: Timothy Dacanay 1/28/2023